IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# KAKAYAHAN SA PAGBIGKAS, PALATULDIKAN AT PAG-UNAWA SA PAGBASA SA FILIPINO

Jessamae V. Recto

*College of Arts and Sciences, Mindoro State University- Bongabong Campus, Labasan, Bongabong, Oriental Mindoro, Philippines*

https://doi.org/10.5281/zenodo.13310548

## ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang antas ng kakayahan sa pagbigkas, palatuldikan at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral. Layunin din ng pag-aaral na ito na sagutin ang sumusunod na katanungan: Ano ang antas ng kakayahan sa pagbigkas sa Filipino ng mga mag-aaral? Ano ang antas ng kakakayahan sa palatuldikan sa Filipino ng mga mag-aaral? Ano ang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral? Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pagbasa sa kakayahan sa pagbigkas sa Filipino ng mga mag-aaral? Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa palatuldikan sa Filipino ng mga mag-aaral? Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kakayahan sa pagbigkas, sa palatuldikan at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral? Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng survey correlational na pamamaraan ng pananaliksik. Ang survey correlational na pamamaraan ay naglalarawan at nagbibigay kahulugan sa mga pangyayari. Ito ay may kinalaman sa mga kalagayan/kaugnayan ng talagang nangyayari. Ang kagamitang pang istadistika na ginamit sa pagsusuri ng palarawang datos ay ang frequency count, percentage, mean, standard deviation, Pearson'r at ang kabuluhang pagkakaiba nito ay itinakda sa 0.05. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa Grado 8 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Manocmanoc, Malay, Aklan. Sila ay binubuo dalawang daan tatlumpu't siyam (239) na mag-aaral sa Grado 8 na nakapagtala sa Taong Panuruan 2018-2019. Sila ay pinili sa pamamagitan ng quota purposive sampling gamit ang lottery teknik. Pumili lamang ng tig sa sampu (10) sa bawat seksyon ng Jade, Ruby, Tourmaline, Turquoise, at Beryl. Ang mga kagamitang ginamit sa pananaliksik ay dalawampu't limang (25) pangungusap na may pares na salita para sa pagsusulit sa

pagbigkas, dalawampu't isang pangungusap na pares na salita na sinalungguhitan para sa (21) palatuldikan at dalawampung (20) pagsusulit mula sa tulang binasa ng mga mag-aaral upang masukat ang kanilang pag-unawa sa pagbasa. Kalakip nito ang mga katanungan kaugnay sa personal na katangian ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang antas ng kakayahan sa pagbigkas sa Filipino ng mga mag-aaral ay "napakahusay". Ang antas ng kakayahan sa palatuldikan sa Filipino ng mga mag-aaral ay "katamtaman". Ang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral ay "mahusay". Ang resulta ng Pearson'r ay nagpapakita ng "walang makabuluhang kaugnayan" ang antas ng kakayahan sa pagbigkas at palatuldikan, kakayahan sa pagbigkas at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino gayundin ang kakayahan sa palatuldikan at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino.

**Keywords:** *kakayahan sa pagbigkas, mag-aaral sa grado 8, palatuldikan, pag-unawa sa pagbasa, Paaralan Nasyonal ng Manocmanoc, Malay, Aklan*

## PANIMULA NG PAG-AARAL

Isa sa nakitang dahilan sa kahirapan sa pag-unawa sa pagbasa ay hindi lamang nakatuon sa bokabularyo kundi sa proseso ng pagbigkas sa mga salita dahil sa Filipino maraming salita na pareho ang baybay subalit magkaiba ang bigkas at kahulugan gaya ng hamon (ham), hamon (challenged), Hapon (Japanese), hapon (afternoon), bukas (tomorrow) at bukas (open).

Ang pagbigkas o pasalitang pakikipagtalastasan ay isang sining. Nilalayon nito na magpahayag ng damdamin na maaaring malungkot o nakatutuwa, kaisipan, opinyon, mensahe o kaalaman, saloobin, paninindigan o paniniwala, hinggil sa isang paksang pinag-uusapan. Ang pagbigkas o pagpapahayag ay mahalaga sa dahilang nais na ipaunawa sa nakikinig ang naisin o layunin ng nagsasalita. Sa tuwing tayo ay nakikipag-usap, nakikisalamuha at nakikipagpalitan ng kurukuro ng ating sariling kaisipan o tinatawag na aspetong sosyal. Sa araw-araw patuloy tayong nakikisalamuha, nakikisama o nakiki-ugnay sa tao at sa ating paligid. Maaaring sa loob ng ating tahanan ay nagkakaroon ng sariling pagtatanong, pagpapaliwanag o paglilinaw kaya minsan nama'y naggigiit tayo ng katuwiran o nagbibigay ng halimbawa sa silid aralan o opisina. Isa pang makahulugang tunog sa pagbigkas ng tula ay ang ponema. Ang tulang Filipino ay may sadya at natatanging kanyang palatunugan at palabigkasan lamang. Maaaring magkatulad ang baybay ng salita subalit sa impit sa dulo ng ponemang patinig ay naiiba ang kahulugan. Halimbawa: aso(dog) aso (smoke), ako (I), pito (whistle) pito (seven). Isa pang dapat isaalang-alang ang intonasyon, ang pagbaba o pagtaas ng tinig. Ang makasining na paraan ng pagbigkas ay magbibigay ng wastong pagpapahayag sa diwa ng tula o ng pahayag. Mendoza, (2009)

May mga salita sa Filipino na iisa ang baybay ngunit may isa o dalawa ang kahulugan. Ang suliraning ito ay malulunasan sa pamamagitan ng paggamit ng tuldik dahil sa tuldik ay nabibigkas nang maayos ang isang salita at natitiyak ng bumabasa ang kahulugan nito. Hindi natin malalaman ang tiyak na kahulugan ng salitang baga,

halimbawa, kung hindi ito tutuldikan lalo na kung ito'y nag-iisa at hindi bahagi ng pangungusap. Ngunit kung ito'y tutuldikan, kahit hindi gagamitin sa pangungusap ay malalaman natin ang wastong bigkas at kahulugan, gaya ng makikita sa sumusunod: bagà (lungs) malumi, bagâ (tumor) maragsa, baga (live ember) malumay, bagà (ibang anyo ng katagang ba) mabilis.

Bagama't hindi na kailangang tuldikang lahat ang salita sa isang pangungusap, may pagkakataon na ang isang salita ay kailangan pa ring tuldikan kung hindi nagiging malinaw ang kahulugan nito. Sa pangungusap na, "Nasalubong nina Susan ang mama". Hindi na kailangang tuldikan pa ang mga salitang nasalubong, nina Susan at ang. Ngunit ang mama ay kailangang tuldikan upang matiyak kung ang ibig sabihin ng sumulat ay mama (mother) o mamà (male mature person). Samakatuwid, upang makapagtipid at upang hindi maging lubhang mahirapan ang mga palimbagan dahil sa dami ng kakailanganing tipo ng mga patinig na may tuldik, ang isang salita ay tutuldikan lamang kung magkakaroon na higit sa isang kahulugan ang salita sa pangungusap. Kung nag-iisa ang salita, tulad sa diksyunaryo ang pagtutuldik ay kailangang-kailangan. Ang isa pang dahilan kung bakit hindi praktikal na tuldikan lahat ang mga salita sa isang pangungusap ay ito: Ang glottal na pasara na inirerepresenta ng tuldik na paiwa sa posisyong pinal ng salita ay isang ponemang masasabing hindi matatag na tulad ng ibang ponema sa Filipino. Dito natin makikita na magaganda ang ginawa ni Lope K. Santos "Ama ng Balarilang Tagalog/Filipino". Naisama sa palatuldikan ang ponemang ito sa halip na bigyan ng kaukulang letra sa palabaybayan.

Isa pa sa mga kakayahan na dapat taglayin ng isang mag-aaral ay ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino sapagkat ito ang magiging daan niya upang maging mulat ang isipan sa mga nangyayari sa lipunan at upang maging matagumpay sa hinaharap. Ang lubos ng pagkatuto ng mag-aaral ay nakasalalay sa kakayahang ito.

Gaya ng tinuran ni Tumangan Sr.et al, na binanggit ni Llaban, (2009) na ayon sa mga dalubhasa," wala raw pagbabasa kapag walang pag-unawa."

Ayon kay Goodman na binanggit ni Austero et al. (2009) na kung lubos ang pag-unawa sa pagbasa ay isang saykolinggwistiks na paghinuha (guessing game) kung saan ang nagbabasa ay bumuong muli ng isang mensahe o kaisipang hango sa tekstong binasa. Naniniwala siya na ang pagbabasa ay kinapapalooban ng interaksyon sa pagitan ng wika at kaisipan at ang mga proseso ng pagbabasa ay ang pag-ikot ng paghahalimbawa, paghihinuha, pagsubok at pagkilatis sa katotohanan.

Isang komplikado at masalimuot na proseso ang pagbasa sapagkat maraming kakayahan ang nalilinang at kailangang malinang dito upang maging epektibo ang pagbabasa. Isa kang mahusay at epektibong mambabasa kung natutukoy mo ang layunin ng iyong binabasa, nagagamit ang mga estratehiya at teknik sa pagbasa, nakabubuo ng hinuha sa susunod na pangyayari at iniuugnay ang dating kaalaman at karanasan upang maunawaan ang kahulugan ng binabasang teksto. Ang pagbasa kung gayon ay napakahalaga sa isang indibidwal sapagkat ito ang tutugon sa kanyang pagkatuto tungo sa mas malawak na kaalaman sa kanyang kapaligiran, sa bansa at

marami pang iba na huhubog sa kanyang pagkatao. (thesilentlearner2014,blogspot.com) 08.25.17

Ayon sa pag-aaral ni Perfetti et. Al (2020), ay gumagamit ng neuroimaging upang suriin kung paano pinoproseso ng utak ang pag-unawa sa pagbasa. Natuklasan nila na ang iba't ibang bahagi ng utak ay aktibo sa iba't ibang aspeto ng pagbasa, tulad ng decoding at comprehension.

Napakahalagang kakayahan na dapat matutuhan ng mga mag-aaral ang isang matibay na pag-unawa sa proseso ng pagbasa. Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa teoryang "inside-out model, concept-driven at whole to part". Ayon kay kina Goodman at Smith, ang teoryang ibaba-pataas ay pananaw ng pagbasa na naniniwalang ang pag-unawa sa teksto ay batay sa napupunta sa itaas, sa utak ng mambabasa matapos maproseso sa tulong ng mata at utak. Ang kaisipang ito ay batay sa teoryang behaviorist at paniniwalang ang utak ay isang blankong papel o tabula raza. Ayon pa kay Smith, ang impormasyon ay hindi nagmumula sa mambabasa kundi sa teksto. Ang teoryang ito ay tinatawag ding data-driven model o part to whole model. Ibig sabihin, higit na umaasa ang mambabasa sa mga impormasyon nasa teksto. Ang teoryang interaktibo ay ang kombinasyon ng teoryang (bottom- up at top-down) sapagkat ang proseso ng komprehensyon ay may dalawang direksyon sa paggamit ng dalawang paraan (bottom-up at top-down), nagaganap ang interaksyon sa pagitan ng teksto at ng mambabasa. Ito ay nabubuo mula sa kaalaman at ideya na dala ng mambabasa sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino. Magracia et al., na binanggit ni Aguil, (2018)

Pinag-aralan ng mananaliksik ito upang matukoy ang kakayahan nila sa pagbigkas, palatuldikan at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino dahil ang pagbigkas ng mag-aaral sa isang salita o teksto ay nakaapekto kung paano nila ito tutuldikan at kung paano nila maunawaan ang isang akda gayundin ang paglalagay ng tuldik ay nakabatay kung paano nila binigkas ang isang salita na makakaapekto rin sa kanilang pag-unawa sa pagbasa.

Ang malayang baryabol sa pag-aaral na ito ay kakayahan sa pagbigkas at palatuldikan sa Filipino. Samantala, ang di malayang baryabol sa pag-aaral na ito ay ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral.

## METODO

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa grado 8 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Manocmanoc. Sa kabuuan ay may dalawandaan at tatlumpu't siyam (239) na mag-aaral sa grado 8. Ang mananaliksik ay kukuha lamang ng limampu (50) sa pamamagitan ng quota purposive sampling. Sa Jade ay may limampung (50) mag-aaral ngunit kumuha lamang ng sampung (10) mag-aaral. Sa Ruby ay may limampung (50) mag-aaral ngunit kumuha lamang ng sampung (10) mag-aaral. Sa Tourmaline ay may apatnapu't siyam na (49) mag-aaral ngunit kumuha lamang ng sampung (10) mag-aaral. Sa Torquoise ay may apatnapu't isang (41) mag-aaral ngunit

kumuha lamang ng sampung (10) mag-aaral. Sa Beryl ay may apatnapu't siyam na (49) mag-aaral ngunit kumuha lamang ng sampung (10) mag-aaral.

*Mga Kagamitan sa Pananaliksik*

*Profayl ng mga Kalahok.* Ang unang bahagi ay profayl ng mga kalahok. Ito ay binubuo ng apat na bahagi: edad, kasarian, edukasyong natamo ng magulang at hanapbuhay ng magulang.

*Pagsusulit sa Kakayahan sa Pagbigkas*- Ito ay binubuo ng dalawampu't limang (25) aytem na pagsusulit sa pagbigkas ng mga pares na salita na pareho ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas at kahulugan. Ang mga pares ng salitang ito ay ginamit sa pangungusap at binigkas ng mga mag-aaral ayon sa kahulugan nito sa harap ng guro. Ang mga salitang kabilang sa pag-aaral na ito ay hinalaw sa pag-aaral ni Tupaz (2016). Sila ay minarkahan ng napakahusay, mahusay, katamtaman, kasiya-siya at kailangang paunlarin.

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 20.01- 25.00 | Napakahusay |
| 15.01- 20.00 | Mahusay |
| 10.01- 15.00 | Katamtaman |
| 5.01- 10.00 | Kasiya-siya |
| 0.00- 5.00 | Kailangang Paunlarin |

*Pagsusulit sa Kakayahan sa Palatuldikan*- Ito ay binubuo ng dalawampu't isang (21) aytem na pagsusulit sa palatuldikan. Nilagyan ng mga mag-aaral nang angkop na tuldik ang mga salitang nakasalungguhit sa pangungusap na inihanda ng mananaliksik. Ang mga salitang inilakip sa pag-aaral na ito ay hinalaw sa aklat ni Bernales, et. al. (2014). Sila ay minarkahan ng napakahusay, mahusay, katamtaman, kasiya-siya, at kailangang paunlarin.

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 16.01- 21.00 | Napakahusay |
| 12.01- 16.00 | Mahusay |
| 8.01 - 12.00 | Katamtaman |
| 4.01 - 8.00 | Kasiya-siya |
| 0.00 - 4.00 | Kailangang Paunlarin |

Ang resulta computer processed statistic ng pilot testing ng pagsukat at pagkapani-paniwala at pagkabalido ng pagsusulit sa palatuldikan ay nagpakita na mula sa dalawampu't limang (25) na pagsusulit ay iwinaksi ang apat na aytem (4) at dalawampu't isa (21) lamang ang natira o kapani-paniwala at balido upang ibigay sa mga kalahok sa pag-aaral na ito.

*Pagsusulit sa Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasa* - Ang mananaliksik ay nagpabasa ng isang tula na orihinal na ginawa ng mananaliksik. Pagkatapos basahin ang

tula ay nagbigay siya ng dalawampung (20) aytem na mga katanungan na sinagutan ng mga mag-aaral upang masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa. Ang mga test aytem na kabilang sa pag-aaral na ito ay personal na ginawa ng mananaliksik. Ito ay ipinaylot test sa mga mag-aaral na hindi kabilang sa pag-aaral na ito upang masukat ang pagkapani-paniwala at pagkabalido ng pagsusulit. Sila ay minarkahan ng napakahusay, mahusay, katamtaman, kasiya-siya at kailangang paunlarin.

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 16.01- 20.00 | Napakahusay |
| 12.01- 16.00 | Mahusay |
| 8.01 - 12.00 | Katamtaman |
| 4.01 - 8.00 | Kasiya-siya |
| 0.00 - 4.00 | Kalangang Paunlarin |

Ang resulta computer processed statistic ng pilot testing ng pagsukat at pagkapani-paniwala at pagkabalido ng pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ay nagpakita na mula sa tatlumpu't limang (35) pagsusulit ay iwinaksi ang labing limang aytem (15) at dalawampu (20) lamang ang natira o kapani-paniwala at balido upang ibigay sa mga kalahok sa pag-aaral na ito.

## MGA KINALABASAN AT PAGTALAKAY

Ang kabanatang ito ay nahahati sa dalawang bahagi: (1) Palarawang Pagsusuri ng mga Datos at (2) Inferensyal na Paglalahad ng mga Datos.

Unang Bahagi, Palarawang Pagsusuri ng mga Datos, naglalahad ng mga kalikasan at katangian ng mga natuklasang mga datos sa pananaliksik na ito. Ang mga datos sa survey correlational na pananaliksik ay natamo sa pamamagitan ng kakayahan sa pagbigkas, palatuldikan at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 8. Isinama sa instrumentong ginamit sa pananaliksik ang personal na katangian ng mga kalahok.

Ikalawang Bahagi, Inferensyal na Pagsusuri ng mga Datos, naglalahad ng mga natuklasang mga datos sa pananaliksik gamit ang mga sumusunod na kagamitang pang-istadistika sa computer processed statistics katulad ng frequency count, percentage mean, standard deviation, One-way Analysis of Variance at ang Pearson'r. Ang 0.05 alpha level ng kahalagahan ang siyang ginamit na krayteryon sa pagtanggap o di pagtanggap ng mga ipotesis.

Palarawang Pagsusuri ng mga Datos

Kakayahan sa Pagbigkas sa Filipino
ng mga mag-aaral sa Grado 8

Ang mga datos sa Talahanayan 1 ay nagpapakita na ang kakayahan sa pagbigkas sa Filipino ng mga mag-aaral sa kabuuan ay may "napakahusay" na may (M=20.66, SD 2.83).

**Talahanayan 1**
Mean at Standard Deviation ng Kakayahan sa Pagbigkas

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Kakayahan sa Pagbigkas | 20.66 | Napakahusay | 2.83 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 16.01-21.00 | Napakahusay |
| 12.01-16.00 | Mahusay |
| 8.01 -12.00 | Katamtaman |
| 4.01 -8.00 | Kasiya-siya |
| 0.00 -4.00 | Kailangang Paunlarin |

Nangangahulugan lamang ito na napakahusay ng mga mag-aaral sa pagbigkas dahil ang mga pares na salita na binigkas nila ay ginamit sa mga pangungusap. Malamang madali nilang maibigkas dahil ginamit ito sa pangungusap at alam nila ang kahulugan ng mga bawat pares na salita. Gayundin pamilyar sa kanila ang mga ito dahil ginagamit nila sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan o sa kanilang pakikipag-usap sa ibang tao at dadalawang pares lamang ng salita ang kanilang binigkas gaya ng malumay, malumi, mabilis at maragsa kaya hindi mahirap para sa kanila ang pagbigkas ng mga salitang ito. Malamang lagi nila itong naririnig sa kanilang pakikipagtalastasan at inoobserbahan nila ang pagbuka ng bibig ng guro nila at ng kanilang kausap. Isa pang dahilan nito lagi silang nanonood ng mga programa sa telebisyon kung kaya madali nila itong nagagaya lalo na ang paggamit at pagbigkas ng mga pares na salita. Dagdag pa rito ang lugar ng mga mag-aaral ay dinadayo ng mga turismo kaya ang ginagamit nilang salita ay wikang Filipino upang magkaunawaan lahat ng tao at dahil iba-iba ang dumadayo sa kanilang lugar ay nasanay silang magsalita ng wikang ito upang madali silang magkaunawaan.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sang-ayon sa resulta ng pag-aaral ni Tupaz (2016), na ang antas ng kakayahan o artikulasyon ng mga mag-aaral sa elementarya ay "napakahusay" kapag sila pinangkat sa baitang edad, kasarian, grado sa Filipino, edukasyon ng ama't ina at hanapbuhay ng ama't ina.

Taliwas naman sa pag-aaral ni Poli na binanggit sa pananaliksik ni Tupaz (2016) na ang kahusayan sa oral na pagbasa sa Filipino ay "katamtaman". Ang mga mag-aaral na nasa ikalawa, ikatlo at ikaapat na antas sa sekundarya at ang may lubhang napakagaling, kasiya-siya, katamtaman at pagbutihin ang grado sa unang markahan; ang

mga batang mataas, katamtaman at mababang antas ng sosyo-ekonomiko at ang may sapat at mas sapat na kahantaran sa mass media ay “katamtaman” ang kahusayan sa oral na pagbasa sa Filipino.

Kakayahan sa Palatuldikan
ng mga Mag-aaral sa Filipino

Ang mga datos sa Talahanayan 2 ay nagpapakita na ang performans ng mga mag-aaral sa Filipino sa kabuuan ay “Katamtaman” na may (M= 12.20, SD= 2.88).

**Talahanayan 2**
Mean at Standard Deviation ng Kakayahan sa Palatuldikan

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Kakayahan sa Palatuldikan | 12.20 | Katamtaman | 2.88 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 20.01-25.00 | Napakahusay |
| 15.01-20.00 | Mahusay |
| 10.01-15.00 | Katamtaman |
| 5.01 -10.00 | Kasiya-siya |
| 0.00 -5.00 | Kailangang Paunlarin |

Nangangahulugan lamang ito na ang kakayahan nila sa palatuldikan ay katamtaman malamang hindi sila gaanong magaling sa paglalagay ng tuldik dahil hindi sila masyadong pamilyar sa kahulugan ng bawat pares na salita at hindi nila masyadong natutukoy kung ang bawat salita ay malumi, malumay, mabilis at maragsa dahil ginamit ito sa pangungusap. Hindi nila masyadong nakilala ang mga salitang dapat lagyan ng angkop na tuldik kahit ang mga salitang nilagyan nila ng tuldik ay payak lamang na mga salita. Kahit ang pagsusulit na binigay sa palatuldikan ay pareho rin sa pagsusulit na binigay sa pagbigkas ay hindi masyadong pamilyar sa kanila ang mga salitang dapat na tutuldikan.

Ayon kay Santiago na binanggit ni Gener (2017). Napakahalaga ng tuldik lalong-lalo na sa asignaturang Filipino sapagkat maraming salita sa Filipino na pareho ang baybay subalit magkaiba ang kahulugan. Napakahalagang malaman din kung paano gamitin ang mga tuldik at kung paano ito bibigkasin. May apat na pangunahing pangkat ng salita sa Filipino ayon sa diin. Ang pangalang ibinigay sa matandang balarila sa bawat pangkat ay magandang modelo o halimbawa sa pagbigkas sa mga salita kasama sa bawat pangkat: malumay, malumi, mabilis at maragsa. Ang diing malumay ay hindi tinutuldikan samantala ang diing mabili ay ginagamitan ng tuldik na pahilis (/), ang diing malumi ay ginagamitan ng tuldik na paiwa (\) at ang diing maragsa ay ginagamitan ng tuldik na pakopya (ˆ).

Kakayahan sa Pag-unawa sa
Pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral

Ang mga datos sa Talahanayan 3 ay nagpapakita na ang performans ng mga mag-aaral sa Filipino sa kabuuan ay “Mahusay” na may (M= 14.82, SD= 2.47).

**Talahanayan 3**

Mean at Standard Deviation ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino | 14.82 | Mahusay | 2.47 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 16.01-20.00 | Napakahusay |
| 12.01-16.00 | Mahusay |
| 8.01 -12.00 | Katamtaman |
| 4.01 -8.00 | Kasiya-siya |
| 0.00 -4.00 | Kailangang Paunlarin |

Nangangahulugan lamang ito na ang kakayahan nila sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ay “mahusay” dahil ang mga salitang ginamit sa tula ay payak lamang at ang bawat pares na salita ay hinalaw din sa pagsusulit sa palabigkasan at palatuldikan kung kaya mas madali nilang maunawaan ang ibig sabihin ng mga salitang ito gayundin ang binasang tula. Ang tula ay hindi ginamitan ng mga tayutay at idyomatikong pagpapahayag kaya mas madali nilang maunawaan ang tula sapagkat wala itong malalalim na mga kahulugan o di kaya’y nakatagong pahayag. Sapat din ang oras na nakalaan sa kanilang pagbabasa kung kaya binasa nila itong may pag-unawa at dagdag pa rito ay pinalalahanan sila agad bago magsimula sa pagbabasa na may sasagutan silang mga tanong pagkatapos nito. Gayundin malinaw ang pagpapaliwanag ng panuto ng guro kaya madali nila itong naunawaan.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sang-ayon sa resulta ng pag-aaral ni Legarda (2017), marahil ang antas ng komprehensiyon ay nagpapakita na sa kabuuan ay “mahusay”. Nangangahulugan lamang ito na mahusay ang istilo ng guro sa klase binibigyan niya ng atensyon ang komprehensyon ng mga mag-aaral tulad sa pagbibigay ng iba’t ibang babasahin gaya ng mga aklat, nobela, maikling kuwento,tula at sanaysay na pinababasa nang may sapat na oras upang madaling maunawaan ng mga mag-aaral pinupukusan naman nila ito ng atensyon at inuunawa nang mabuti ang seleksyon o materyal na ibinigay sa kanila ng guro upang may isasagot sila sa mga katanungan kapag may talakayan sa klase. Marahil madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa dahil gumagawa sila ng mga talaang salita para madali nilang maintindihan ang mahirap na salitang Filipino o di kaya’y sumasangguni sila sa diksyunaryo upang lubusan nilang maunawaan ang kanilang binabasa.

Malamang mayaman din ang kanilang talasalitaan, binibigyan nila nang halaga ang itinakda ng guro sa bahay kaya lubos nilang nauunawaan ang kanilang binabasa. Ang mga salita, pangungusap at seleksyon ay payak kaya madaling intindihin. Malinaw ang pagpapaliwanag ng guro sa aralin at mahusay ang estratehiyang ginamit sa oras ng talakayan kaya madaling maunawaan ng mga mag-aaral.

Nagpapakita lamang ito na ang mga mag-aaral ay may mahusay na komprehensyon sa wikang Filipino. Malamang ang mga mag-aaral ay nagbabasa nang may pag-unawa. Gayundin, sila ay may librong Filipino, diksyunaro sa kanilang tahanan at gumagamit sila ng wikang Filipino sa kanilang komunikasyon.

Taliwas naman sa pag-aaral ni Almendralejo na binanggit sa pananaliksik ni Legarda (2017) na natuklasan sa pag-aaral na ito na ang lebel ng komprehensyon ay hindi umabot sa mataas na antas na pagkatuto na siyang pinakamahalagang salik sa pag-unawa at pagbabago ng pananaw sa bawat mambabasa sa kanyang sarili at sa lipunang kanyang ginagalawan.

Ayon naman sa pag-aaral kina Ymas at Acas na binanggit sa pananaliksik ni Legarda (2017) ang pagbasang may komprehensyon ay ang pagbuo ng mambabasa ng mga tulay na mag-uugnay sa kanyang dating kaalaman at karanasan sa bagong impormasyong kanyang makukuha mula sa tekstong binasa. Ang pagbasa ay hindi pangmata o pagtingin lamang sa nakaimprentang simbolo, kundi isang pagtuklas sa mga kahulugang nakapaloob dito. Sinasabing kung walang pag-unawa ay wala ring pagbasang nagaganap. Ipaalam sa mga estudyante na ang komprehensyon o pag-unawa ay isang kakayahan sa pagkuha ng mensahe o kahulugan sa akdang binasa. Nakabatay ito sa kakayahan sa pagkilala ng gamit ng mga salita at pagkaka-ugnay ng mga ito sa mga iba pang mga salita sa teksto (context clues). Halimbawa, ang salitang pula “pula” ay may iba’t ibang gamit at kahulugan depende sa konteksto nito: “Pula ang kulay ng kanyang lipstik.” (kulay red) “Pinupulaan siya dahil sa kanyang masamang ugali.” (puna, kritika) Isa siyang pulahang manunulat.” (makakaliwa, komunista) “Mapula ang lupa sa aming probinsya kaya’t maalwan magtanim ng halaman” (kulay brown, mabunga) Nauunawaan ng mambabasa kung ano ang kahulugan ng salitang “pula” sa iba’t ibang pangungusap sa itaas sapagkat naiuugnay niya ito sa iba pang salita sa detalyeng di-lantad o yaong ipinahayag sa paraang patalinghaga.

Inferensyal sa Pagsusuri sa mga Datos

T-test sa Pagitan ng Kakayahan sa
Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino at Pagbigkas
ng mga Mag-aaral sa Filipino

**Talahanayan 4**

| Sources of Variation | T | df | Sig |
|---|---|---|---|
| Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino - Kakayahan sa Pagbigkas | (-)10.23* | 49 | .000 |

* p<0.05 significant @ 5% alpha level
ns p>0.05 bot significant @ 5% alpha level

Ang resulta ng T-test sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino at pagbigkas sa Talahanayan 4 ay nagpapakita na may “makabuluhang pagkakaiba” pabor sa pagbigkas na mas mataas ang kakayahan nila sapagkat mas madalas silang makapagsalita kaysa sa pagbabasa sa madaling salita mas nahubog ang kanilang kakayahan sa pagbigkas kaya mas madali sa kanila na bigkasin ang mga pares na salita. Dagdag pa rito ang lugar ng mga kalahok ay maraming mga dayuhan kaya mas nalinang sa kanila ang pakikipag-usap o pakikipagtalastasan sa kapwa upang mahikayat na dayuhin ang lugar at mas tangkilikin pa lalo ito. Sanay din sila gumamit ng wikang Filipino sa pasalitang anyo dahil ang wikang Filipino ay wikang panlahat kaya mas gamitin nila ang wikang ito upang magkaintindihan ang lahat ng tao. Gayundin dalawang pares lamang na salita ang kanilang binigkas at ang mga salitang ito ay mga payak.

Sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ay iilan sa kanila ay hindi matandaan ang bahagi ng pangyayari ng tula dahil ito ay binubuo ng apat na saknong. Malamang nalito rin sila sa mga pagpipiliang sagot at nakatuon lamang sila sa mga pares na salita at hindi sa diwa ng tula.

Taliwas sa pag-aaral ni Tupaz (2016) ang resulta ng t-test sa antas ng kasanayan sa artikulasyon o pagbigkas ng mga mag-aaral sa Filipino. Ipinakita sa resulta ng pag-aaral na “walang makabuluhang pagkakaiba” kapag sila ay pinangkat ayon sa kasarian. Lalaki man o babae ay pareho lamang ang kasanayan sa artikulasyon. Nangangahulugan lamang ito na may napakahusay na antas ang lalaki at babaeng mag-aaral sa palabigkasan.

Ang ipotesis ay nagsasaad ng walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa pagitan ng pag-unawang pagbasa at pagbigkas ay iwaksi.

**Talahanayan 5**
T-test sa Pagitan ng Kakayahan sa
Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino at Palatuldikan
ng mga Mag-aaral sa Filipino

| Sources of Variation | t | df | Sig |
|---|---|---|---|
| Kakayahan sa Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino - Kakayahan sa Palatuldikan | 5.38* | 49 | .000 |

* p<0.05 significant @ 5% alpha level
ns p>0.05 bot significant @ 5% alpha level

Lumabas sa pag-aaral na ito na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kakayahan pag-unawa sa pagbasa sa palatuldikan. Nangangahulugan ito na kailangan nilang intindihing mabuti ang diwa o kahulugan ng bawat taludtod, saknong at ang buong tula samantala ang palatuldikan ay nakatuon lamang sa pares na salita na lalagyan

lamang nilang ng tuldik. Malamang ang dalawang kakayahang pangwikang ito ay magkaiba. May mga mag-aaral na magaling sa palatuldikan ngunit mahina sa pag-unawa sa pagbasa. Mayroon ding mahina sa palatuldikan ngunit mahusay sa pag-unawa sa pagbasa.

Taliwas sa pag-aaral ni Tupaz (2016) na ang resulta ng t-test sa antas ng kasanayan sa komprehensyon ng mga mag-aaral kapag pinangkat sa kasarian. Ipinakita sa resulta ng t-test na may makabuluhang pagkakaiba pabor sa mga babae na may napakahusay na komprehensyon sa Filipino ngunit ang lalaki na may mahusay lamang.

Ang ipotesis ay nagsasaad ng walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pag-unawang pagbasa at paglatuldikan ay iwaksi.

Pearson'r sa Pagitan ng
Pagbigkas, Palatuldikan
at Pag-unawa sa Pagbasa
sa Filipino ng mga mag-aaral

**Talahanayan 6**

| Baryabol | R | Sig |
|---|---|---|
| Kakayahan sa Pagbigkas at Palatuldikan | (-)0.250$^{ns}$ | .080 |
| Kakayahan sa Pagbigkas at Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino | (-)0.158$^{ns}$ | .273 |
| Kakayahan sa Palatuldikan at Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino | 0.177$^{ns}$ | .218 |

* p<0.05 significant @ 5% alpha level
ns p>0.05 not significant @ 5% alpha level

Ang kakayahan sa pagbigkas ay walang makabuluhang kaugnayan sa palatuldikan. Kung mahusay man sila sa palabigkasan ay walang kinalaman ito sa kanilang palatuldikan. Malamang ang dalawang baryabol na ito ay walang koneksyon sa kadahilanan ang pagbigkas ay pa oral o pagbigkas, malamang maganda ang boses niya, ang artikulasyon niya, enunciation, ang haba, ang hinto ay ginagamit sa pagbigkas ng mga pares na salita at kung magaling sila sa pagbigkas maaari hindi sila magaling sa palatuldikan. May mga mag-aaral na mahusay sa pa oral o pagbigkas ngunit mahina pagdating palatuldikan o di kaya'y magaling sa palatuldikan ngunit mahina sa pa oral o pagbigkas.

Lumabas sa pag-aaral na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pag-unawa sa pagbasa sa pagbigkas. Malamang may mga mag-aaral na magaling sa pagbigkas ngunit mahina sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino. Malamang ang pag-unawa ay nakatuon sa diwa ng tula samantala ang pagbigkas ay nakatuon lamang sa pagbigkas sa pares na salita at ito ay madaling bigkasin. Nagpapatunay lamang dito na

ang pag-unawa at pagbigkas ay dalawang magkaibang kasanayang o kakayahang pangwika.

Nangangahulugan lamang ito na ang kakayahan ng isang tao sa palatuldikan ay walang kinalaman sa pag-unawa sa isang pahayag o teksto. Malamang kung mahusay siya sa palatuldikan walang kinalaman ito sa pag-unawa sa mga teksto na kanyang nabasa. Hindi man siya magaling sa palatuldikan hindi naman apektado ang kanyang pag-unawa. Malamang ang pagsusulit sa pag-unawa ay tula at diwa ang binigyang kahulugan samantala ang sa palatuldikan ay pangungusap ang ginamit at dadalawang salita lamang ang tutuldikan kaya walang makabuluhang kaugnayan.

Ayon kina Constantino at Atienza na binanggit ni Fayo (2015), kung lubos ang pagkaunawa ng isang tao sa mga wikang kanyang ginagamit, nangangahulugan lamang na mas madali niyang matutunan ang iba pang kaalaman sa mundo na nasusulat sa wikang nauunawaan niya.

Ang pag-aaral na ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Faeldonea (2018) na walang makabuluhang kaugnayan ang kasanayan sa pagsasalin sa artikulasyon. Nangangahulugan lamang ito na mahusay man sila sa kasanayan sa pagsasalin, ay walang makabuluhang kaugnayan sa artikulasyon nila. Walang kaugnayan ang kahusayan nila sa pagsasalin sa artikulasyon dahil hindi maaapektuhan ng pagsasalin ang pagbibigkas. Gaanuman kahusay o napakahusay ng artikulasyon nila, walang makabuluhang kaugnayan sa kanilang pagsasalin dahil ito ay pasulat. Ang pagsasalin ay talagang naiiba sa artikulasyon. Gayundin, ang kasanayan sa pagsasalin ay walang makabuluhang kaugnayan sa komprehensyon. Mahusay man sila sa pagsasalin, walang makabuluhang kaugnayan ito sa kanilang komprehensyon. Mahusay man sila sa komprehensyon, walang makabuluhang kaugnayan ito sa kanilang kahusayan sa pagsasalin. Gayundin, napakahusay man nila sa artikulasyon, walang makabuluhang kaugnayan ito sa kanilang kahusayan sa komprehensyon.

Ang ipotesis ay nagsasaad ng walang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa pagbigkas at palatuldikan, kakayahan sa pagbigkas at pag-unawa sa pagbasa at kakayahan sa palatuldikan at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ay tanggapin.

## MGA KONKLUSYON

1. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang antas ng kakayahan sa pagbigkas sa Filipino ng mga mag-aaral ay “napakahusay”.Bunga nito kaya niyang ipahayag ang kanyang naiisip o nais sabihin sa kanyang kapwa kamag-aral at magiging aktibo siyang mag-aaral dahil kaya niyang makilahok sa klase na may tiwala sa sarili. Magiging mahusay siyang tagapagpaliwanag sa kanilang grupo at magaling siyang tagapagsalita, lider, taga-ulat at maaari siyang sumali sa talumpati at maging kalahok sa debate. Dahil din dito maaari silang maging isang magaling na “tour guide” lalong-lalo na ang lugar na kung saan sila nakatira ay kilala sa buong mundo, maaaring dumami pa ang mga turista dahil sa angking galing nilang ito. Gayundin magiging magaling sila na ispeker sa iba’t

ibang pagkakataon at okasyon. Kaya nilang makikipagsabayan sa mga magagaling na ispeker sa buong bansa kapag nakapagtapos sila ng pag-aaral. Maaari silang kumuha ng kursong Edukasyon dahil sa kahusayan nila palabigkasan sa Filipino. Ibig sabihin magiging magaling sila na guro sa Filipino dahil sa kahusayan nila sa palabigkasang Filipino. Ang kahusayan nila sa pagbigkas ay isang kalamangan para sa isang mag-aaral. Malamang magaling din siya mananalumpati sa iba't ibang pagkakataon at okasyon. Maaari silang magtrabaho bilang "sales representative" ng isang produkto pagkatapos nila ng kurso dahil sa kahusayan nila sa pagbigkas sa Filipino lalo na kahit sila ay ganap ng propesyunal.

2. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang kakayahan sa palatuldikan sa Filipino ng mga mag-aaral ay "katamtaman". Dahil dito wala sila masyadong sapat na kaalaman na matukoy ang kahulugan ng mga salita at kung paano ito gamitin sa pangungusap at dahil may kunti silang kaalaman sa paglalagay ng tuldik hindi sila masyadong magiging mahusay na tagapagsalita sapagkat hindi sila gaanong marunong kumilala at bumigkas ng mga salitang malumi, mabilis, maragsa at malumay. Maaaring mahahalata silang taga probinsiya kung pupunta sila ng Maynila dahil hindi nila kayang makipagsabayan sa mga taong taga roon ayon sa kung paano sila bumigkas na naaayon sa tono. Gayundin hindi nila madaling maunawaan ang teksto, akda o mga sulatin na kanilang babasahin dahil wala silang sapat na kaalaman kung paano bigkasin ang mga salita batay sa tuldik nito.

3. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral ay "mahusay". Bunga nito madali nilang maunawaan ang nilalaman o diwa ng akda o teksto na kanilang binabasa kaya tataas ang marka na makukuha nila sa bawat pagsusulit at dahil din dito maraming impormasyon o kaalaman ang matutunan nila sa paaralan at kaya nilang makisali sa mga timpalak na may malaking premyo dahil ganap na maunlad ang kaalaman nila sa wikang Filipino lalo na sa talakayan sa klase. Kaya rin nilang makipagpalitan ng kaalaman sa mga matatalino sa klase dahil sa mahusay ang komprehensyon nila. Magiging mataas ang resulta ng kanilang pagsusulit, ang kanilang grado sa Filipino. Naisasagawa din nila ang kanilang takdang aralin nang tama. Hindi mahihirapan ang guro sa pagpapaunawa ng aralin dahil mahusay ng kanilang komprehensyon sa Filipino at gayundin sila ay makakakuha ng karangalan sa pagtatapos ng klase. Maaari rin silang sumali sa mga dagliang talumpati dahil madali nilang maunawaan ang mga tanong na ibibigay sa kanila at mas mapapabilis ang talakayan sa loob ng silid aralan sapagkat ang mga mag-aaral ay mabilis na makaunawa.

4. Lumabas sa pag-aaral na "may makabuluhang pagkakaiba" sa pagitan ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino sa kakayahan sa pagbigkas. Kung magkagayon tataas din ang kanilang pag-unawa dahil sa kahusayan nila sa pagbigkas ng mga salita at nakakatulong nang malaki ang kakayahan nila sa pagbigkas sa pag-unawa sa teksto o babasahin. Ang matutunan nila sa palagbigkasan ay maaaring magagamit nila sa pag-unawa ng mga tekstong babasahin nila.

5. Lumabas sa pag-aaral na "may makabuluhang pagkakaiba" sa pagitan ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino sa kakayahan sa palatuldikan. Bunga

nito ang kahusayan nila sa palatuldikan ay maaari nilang magamit sa tekstong kanilang babasahin. Bunga rin nito madaming impormasyon ang matutunan dahil sa kahusayan nila sa palatuldikan kaya kung magkagayon tataas ang grado nila sa pag-aaral ng Filipino.

6. Lumabas sa pag-aaral na "walang makabuluhang" kaugnayan sa kakayahan sa pagbigkas at palatuldikan, kakayahan sa pagbigkas at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino gayundin ang kakayahan sa palatuldikan at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino. Bunga nito tataas man ang marka nila sa pag-unawa ay walang kinalaman o kaugnayan sa kanilang pagbigkas o palatuldikan. Samakatuwid maaaring matutunan muna ng mag-aaral ang pagbigkas saka magpakadalubhasa sila sa pag-unawa. Sa pag-unawa sa pagbasa dadami ang impormasyon at kaalaman ang matutunan nila. Sa panig naman ng pagbigkas, ganap na malinang ang gawaing ito sa mga mag-aaral. Pwede silang maging isang magaling na ispeker, taga-ulat, mamimigkas, tagapagpapaliwanag, kalahok sa debate, newscasting, broadcasting at sabayang pagbigkas.

## REKOMENDASYON

Ayon sa kinalabasan at kongklusyon na nabuo sa pananaliksik na ito, iminumungkahi ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang antas ng kakayahan sa pagbigkas sa Filipino ng mga mag-aaral ay "napakahusay". Para sa mga mag-aaral ay kailangang gagawa ng paraan upang mapanatili ang kahusayan nila sa artikulasyon o pagbigkas. Araw-araw na magbasa ng mga akdang pampanitikan sa paraang pagbigkas nang sa gayun ay mapanatili na napakahusay ang kakayahan sa pagbigkas ng mga salita. Magsanay sila sa pagbigkas ng mga tongue twisters, tula, bugtong, diyalogo, at iba pa para mapanatiling maunlad ang pagbibigkas nila ng mga salita. Iminumungkahi rin sa kanila na sumali sa mga gawaing pasalita upang lalong uunlad ang pagbigkas nila. Sumali sa mga patimpalak gaya ng spoken poetry, broadcasting, sabayang pagbigkas, tulaan, sining ng pagkukwento, dulaan at iba pa.

Iminumungkahi rin sa mga guro na bigyang pagsasanay ang mga mag-aaral sa wastong pagbigkas ng mga salita, parirala o pangungusap sa Filipino bago magsimula ang talakayan nang sa gayun maaaring mapanatili nilang napakahusay ang antas ng kakayahan sa pagbigkas. Magdaos ng paligsahan sa pagsagot, diyalogo na may kinalaman sa paksang aralin, magpaawit bago magsimula ang klase o magpasaulo ng bugtong para lalo pang mapahusay ang kakayahan sa artikulasyon. Magbigay ng mga pampadulas dila (tongue twister) upang lalong mahasa ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagbigkas ng mga salita sa Filipino lalo na yaong mga pares na salita.

Para naman sa mga magulang paglaanan ng oras ang mga anak sa bahay na turuan ng tamang pagbigkas ng mga salita, parirala, pangungusap o sanaysay upang mahasa ang kanilang dila sa tamang pagbigkas. Sanayin din na magsalita ng wikang

Filipino sa loob ng bahay upang masanay ang mga anak sa tamang diin at tono ng mga salitang Filipino.

Para sa mga namumuno ng DepEd upang mapanatili ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagbigkas ay maaaring magpatayo ng speech laboratory upang sa gayon ay mapakinggan ng mga mag-aaral kung ano ang tamang tono, diin, hinto, intonasyon at pagpapangkat-pangkat ng mga salita sa pagbigkas ng talata, tula at iba pang babasahin.

2. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang kakayahan sa palatuldikan sa Filipino ng mga mag-aaral ay "Katamtaman". Sa mga mag-aaral upang maging napakahusay ang kakayahan sa palatuldikan ay maaaring magkaroon ng diksyunaryo sa Filipino upang magkaroon ng sanggunian sa mga salitang hindi nauunawaan kung ano ang wastong tuldik nito at kung paano ito bibigkasin. Lalo pang magsanay sa paglalagay ng tuldik sa mga salitang mabilis, malumi, malumay at maragsa upang maging napakahusay ang kakayahan sa palatuldikan.

Para naman sa guro ay magbigay ng mga pagsusulit na huhubog sa kakayahan ng mga mag-aaral sa palatuldikan katulad ng pagtutuldik ng mga salita o di kaya'y mga laro na kung saan madaling matandaan ng mga mag-aaral ang tamang tuldik ng mga salita, maaring mag-uunahan sila sa pagbigay ng mga salitang tinutuldikan gamit ang diksyunaryo.

Para naman sa mga magulang para maging napakahusay ang kanilang kakayahan sa palatuldikan ay magkaroon ng laro na kung saan magbibigay sila ng mga salitang malumi, maragsa, malumay at mabilis. Maaari ring magbigay ng mga pares na mga salita na lalagyan nila ng tamang tuldik upang magkaroon ng retensyon ang inyong mga anak.

3. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang antas ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral ay "mahusay". Sa mga mag-aaral iminumungkahi sa kanila na magbasa ng iba't ibang babasahin upang lalong mahasa ang kakahayan sa pag-unawa sa pagbasa. Magsanay sila upang maging napakahusay ang komprehensyon nila sa Filipino. Ugaliing magbasa ng mga aklat upang mas mapahusay pa ang komprehensyon lalong-lalo na sa asignaturang Filipino. Maglaan ng oras sa pagbabasa sa mga bakanteng oras upang mas mahasa ang kakayahan sa komprehensyon.

Iminumungkahi rin sa mga guro na bigyan ang mga mag-aaral ng iba't ibang seleksyon o babasahin at ang guro ay laging may nakahanda na katanungan upang lalong mapataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawang pagbasa. Bigyan sila ng pagsasanay sa mga talasalitaan at wastong pagbabaybay ng mga salita nang sa gayon ay lalawak at uunlad ang talasalitaan ng mga mag-aaral, gayundin magagamit nila ito sa ikadadali ng gawaing komprehensyon. Magbigay ng mga pangungusap na maiikli at ipabigay sa kanila ang kahulugan nito. Magparinig o magpabasa ng isang maikling seleksyon at magtanong tungkol dito upang mahasa ang kakayahan nila sa pag-unawa.

Iminumungkahi rin sa mga magulang na maglaan ng maraming aklat o mga babasahin na maaaring mabasa ng mga mag-aaral kapag sila ay nasa bahay at maghanda rin ng mga tanong na magpapaulad ng kanilang komprehensyon.

Para sa mga namumuno ng DepEd, maglaan ng sapat na pondo sa pagbili ng mga aklat, ensayklopedya, magasin, pahayagan, mga aklat na nauukol sa mga kwento at iba pang materyales na maaaring magamit ng mga mag-aaral sa pag-aaral nang sa gayon, lalong uunlad ang komprehensyon nila.

4. Lumabas sa pag-aaral na "may makabuluhang" pagkakaiba sa pagitan ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino sa kakayahan sa pagbigkas.

Iminungkahi sa mga mag-aaral na palaging magsanay sa pagbigkas ng mga salita upang mapanatili na napakahusay at laging magbasa ng mga aklat o iba't ibang uri ng babasahin upang mas lalong mapaunlad ang kakayahan nila sa pagbigkas lalo na sa mga salitang pareho ang baybay ngunit magkaiba ng kahulugan. Gayundin sumali sa mga gawaing pampadulas ng dila- Paunlarin ang kakayahan sa pagbigkas sa tulong ng pagbasang paoral/pabigkas para lalong makapagsanay at maging napakahusay ang kakayahan sa pagbigkas.

5. Lumabas sa pag-aaral na "may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino sa kakayahan sa palatuldikan. Iminumungkahi para sa mga mag-aaral na lalo pang magsanay sa paglalagay ng tuldik sa mga salitang malumi, maragsa, malumay at mabilis upang lalong mapahusay ang kakayahan sa paltuldikan. Magkaroon din ng diksyunaryo sa Filipino upang magkaroon ng sanggunian sa mga salitang hindi maunawaan kung ano ang wastong tuldik nito at kung paano ito bibigkasin.

Para naman sa guro ay magbigay ng mga pagsusulit na huhubog sa kakayahan ng mga mag-aaral sa palatuldikan katulad ng pagtutuldik ng mga salita o di kaya'y mga laro na kung saan madaling matandaan ng mga mag-aaral ang tamang tuldik ng mga salita, maaaring mag-uunahan sila sa pagbigay ng mga salitang tinutuldikan gamit ang diksyunaryo.

6. Lumabas sa pag-aaral na "walang makabuluhang" kaugnayan sa kakayahan sa pagbigkas at palatuldikan, kakayahan sa pagbigkas at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino gayundin ang kakayahan sa palatuldikan at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino. Para sa mga mag-aaral kailangang paunlarin nila ang pag-unawa sa pagbasa sa pamamagitan ng pagbasa ng iba't ibang teksto sa Filipino upang lalong umunlad ang kakayahan sa pag-unawa. Kailangang paunlarin ang talasalitaan upang ganap na maunawaan ang mga binasang teksto. Di kaya'y magsanay sa paglalagay ng mga tuldik nang sa gayon maaari itong magamit sa pag-unawa sa mga tekstong nabasa. Sa tuwing nagbabasa ng mga teksto ay ugaliing magbasa na paoral o pabigkas upang marinig ng guro kung tama ang salitang iyong binibigkas upang kagyat na maituwid ito kung mali ang pagbigkas ng mga salita.

Para sa mga guro, maglaan nang maraming mga pagsasanay tungkol sa pagtutuldik upang madagdagan ang bokabularyo o talasalitaan na maaaring magagamit sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto at matukoy din nila ang tamang pagbigkas ng mga pares na salita. Gayundin bigyan ang mga mag-aaral ng mga babasahin at ipabasa ito nang malakas upang matukoy kung wasto ang mga salitang kanilang binabasa o binibigkas.

## ETIKAL NA PAMANTAYAN

Ang pananaliksik na ito ay naglalahad ng mga hakbang at pamantayan na sinusunod upang matiyak na ang pananaliksik ay sumusunod sa mga etikal na pamantayan. Ito ay alinsunod sa mga patakaran at regulasyon ng aming institusyon at mga internasyonal na pamantayan. Ang pananaliksik na ito ay sinuri at inaprubahan ng Filamer Christian University at bago simulan ang pananaliksik, lahat ng kalahok ay binigyan ng detalyadong impormasyon tungkol sa layunin ng pag-aaral, mga pamamaraan, posibleng benepisyon. Ang lahat ng datos na nakolekta mula sa mga kalahok ay ituturing na kumpidensyal. Ang mananaliksik ay nainindigan sa pagiging tapat at transparent sa buong proseso ng pananaliksik. Ang disenyo ng pag-aaral, mga pamamaraan ng pagkolekta at pagsusuri ng datos, at mga resulta ay ipapahayag nang malinaw at buo. Ang anumang salungatan ng interes ay ihahayag din. Ang mananaliksik ay mahigpit na sumusunod sa mga patakaran laban sa plagiarism. Ang lahat ng ideya, datos, at imporamsyon na hiniram mula sa iba ay wastong binanggit at tinukoy.

## PASASALAMAT

Isang dakila at taus-pusong pasasalamat ang nais ihandog ng mga mananaliksik bilang pagkilala at pagtanaw ng utang na loob sa lahat ng mga taong walang pag-aalinlangang tumulong at sumuporta upang mapagyari at maging matagumpay ang pananaliksik na ito.

Unang-una sa lahat sa Poong Maykapal, na nagbigay patnubay, liwanag, ibayong-lakas, tatag at talas ng kaisipan upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito. Sa kalakasan, karunungan at pagmamahal na maluwalhating natapos ang pag-aaral na ito sa itinakdang panahon.

Kay Gng. Melody J. Blance, na siyang aking naging tagapayo sa pananaliksik na ito, sa matiyagang pagsubaybay, paglaan ng kaniyang oras at panahon, sa pag-unawa, pagbibigay ng mga makabuluhang mungkahi at positibong puna. Higit sa lahat, sa pagbabahagi ng kanyang mga ideya at ekspertis sa tamang hakbangin at mga pamamaraan hinggil sa paggawa ng pag-aaral na ito;

Kay Dr. Felimon A. Pimentel Jr., Dekano, Paaralang Gradwado ng Filamer Christian Univesity sa kanyang propesyunal na pamatnubay, pagbibigay ng ideya at pagsusuri ng pang-istadistikang kagamitan upang mabuo ang pananaliksik na ito;

Sa lupon ng Tagasuri: Gng. Maribel N. Buenavides, Gng. Cheryl Rose D. Alipongan at Dr. Felimon A. Pimentel Jr. sa pagbibigay ng magagandang ideya upang

mas lalong mapaganda ang pananaliksik, at pagbibigay ng mga mungkahi na makakatulong nang malaki sa pag-aaral na ito;

Kay Gina L. Iglesias, sa paglaan ng kaniyang oras upang maging hurado at walang humpay na pagsubaybay sa mga mag-aaral upang maging maganda ang kalalabasan ng pag-aaral na ito. Gayundin sa kanyang bukas-loob na pagtanggap at pahintulot na magamit ang kanyang mga mag-aaral sa Ikawalong Taong, bilang mga respondente o mga kalahok sa nasabing pananaliksik;

Kina Cynthia S. Buque at Maria Baby Gina Valcoba, na naglaan ng kani-kanilang makabuluhang oras at panahon sa pagbibigay-payo, motibasyon at pagbahagi ng kanilang mga kaalaman at ekspertis sa larangan ng pananaliksik upang maging mabisa, organisado at komprehensibo ang pananaliksik na ito.

Sa mga mag-aaral ng Ikawalong Taon, ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Manocmanoc, na naging kalahok at sumuporta upang mapagyari ang pananaliksik na ito;

Kay G. Val T. Casimero, Ulong guro ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Manocmanoc, sa pag-unawa at pahintulot na makapagbigay ng pagsusulit ang mananaliksik sa mga mag-aaral;

Sa mga awtor, editor, tagasalin, at mananaliksik ng mga akdang pinaghanguan ng mahahalagang impormasyon na nagamit sa pag-aaral kaugnay sa pagbuo ng ikalawang kabanata ng pananaliksik na ito, ang mga kaugnay na pag-aaral at literatura.

Sa aking mga pamilya lalo na sa aking mga una at pangalawang magulang, na silang nagbigay inspirasyon at lakas ng loob upang ipagpatuloy ang hamon ng buhay lalo na sa pananaliksik na ito, gayundin sa tulong pinansyal at oras na kanilang ibinigay na higit na nakatulong upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito.

## REFERENCES

Admin. (n.d.). Rationalistic. TheSilentLearner. https://thesilentlearner2014.blogspot.com/2014/07/rationalistic.html

Answers Corporation. (n.d.). Ano Ang Diin at Tuldik? Answers. http://www.answers.com/Q/Ano_ang_kahulugan_ng_tuldik

Aguil, R.V (2018). Kasanayan sa Bokabularo, Kritikal na Pag-iisip at Pag-unawa sa Pagbasa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 11, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Austero, C. S., Mateo, E. C, (2009). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik, #200-C Insilay Street, Pineda, Pasig City: Unlad Publishing House.

Bernales, R. (2014). Akademikong Filipino para sa Kompetitibong Pilipino. Grandwater Publications. Makati City.

Delfin, C. S. (2014). Kasanayan sa Tayutay at Pag-unawang Kontekstwal sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Sekondarya.

Fayo, B. (2015). Epekto ng Multilinggwal sa Pagtuturo sa Pag-unawang Pampanitikan

sa Filipino ng mga Mag-aaral Sekundarya, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.
Faeldonea, S.F. (2018). Kasanayan sa Pagsasalin, Artikulasyon at Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa Grado 11, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.
Gabay SA Pagtutuldik. (n.d.-a). https://kwfdiksiyonaryo.ph/public/files/gabay_tuldik.pdf
Gener, G. E. (2017), Preperensya sa Paggamit ng mga titik na C, F, J, N, Q, V, X at Z sa Pagbabaybay at Pagkatuto ng mga Salita sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 7, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.
Legarda, Cecil A. (2017), Istilo sa Pagkatututo, Interes at Komprehensyon sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 8. Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.
Llaban, Donalyn F.S (2009), Bilis at Pag-unawa sa Pakikinig sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Primarya, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.
Macmillan. Macmillan Science and Education and Macmillan Publishers. (n.d.). https://www.macmillan.com/
Malikhaing Pagsulat. MALIKHAING PAGSULAT. (n.d.). http://sirabbie.blogspot.com/
Mendoza, E.D. (2009). Pagbigkas at Pasulat na Pakikipagtalastasan, National Book Store, Quad Alpha CentrumBldg. 125 Pioneer Street Madaluyong City 1550.
Perfetti, C.A., & Stafura, J.Z. (2020). World Knowledge in a theory of reading comprehension. Scientific Studies of Reading, 24(1), 48-71.
Slideshare. (2013a, December 7). Pag unawa at Komprehensyon. SlideShare. https://www.slideshare.net/luvy15/pag-unawa-at-komprehensyon
Tupaz, Jocemar L. (2016), Kasanayan sa Pagsasalin, Artikulasyon at Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa Elementarya, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.
Wikimedia Foundation. (n.d.). Tingnan Ang Wikitext ng Tuldik. Wikipedia. https://tl.wikipedia.org/w/index.php?title=Tuldik&action=edit&section=3

**APA Citation:**

Recto, J. V. (2024). KAKAYAHAN SA PAGBIGKAS, PALATULDIKAN AT PAG-UNAWA SA PAGBASA SA FILIPINO. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(8), 747–766. https://doi.org/10.5281/zenodo.13310548

*jessamaevillaruel14@yahoo.com*